

---

## Central Valley Regional Water Quality Control Board

# ABISO SA PAGHAHANDA AT PULONG PARA SA PAGSASAKLAW SA BATAS SA PANGKALIKASANG KALIDAD NG CALIFORNIA

**MGA KINAKAILANGAN SA PAGTATAPON NG DUMI PARA SA MGA DISCHARGE NA MARAMI ANG PINAGMULAN NA NAUUGNAY SA MGA PARTIKULAR NA AKTIBIDAD NA ISINAGAWA NG KAWANIHAN NG PAMAMAHALA SA LUPA AT SERBISYO SA KAGUBATAN PARA SA MGA PEDERAL NA LUPA NG UNITED STATES**

## PULONG PARA SA PAGHAHANDA

**INILABAS ANG ABISONG ITO** upang ipaalam na ang Panrehiyong Lupon ng Kontrol sa Kalidad ng Tubig ng Central Valley o Lupon sa Tubig ng Central Valley (Central Valley Regional Water Quality Control Board, Central Valley Water Board) ay magsasagawa ng pulong para sa paghahanda para sa Batas sa Pangkalisang Kalidad ng California (California Environmental Quality Act, CEQA) upang humingi ng input tungkol sa saklaw at content ng impormasyong isasama sa Ulat sa Epekto sa Kalikasan (Environmental Impact Report, EIR) na ihahanda upang tasahin ang mga potensyal pangkalisang epekto ng ipinapanukalang proyekto, Mga Kinakailangan sa Pagtatapon ng Dumit para sa Mga Discharge na Marami ang Pinagmulan (Nonpoint Source, NPS) na Nauugnay sa Mga Partikular na Aktibidad na Isinagawa ng Kawanihan ng Pamamahala sa Lupa (Bureau of Land Management) at Serbisyo sa Kagubatan ng United States para sa Mga Pederal na Lupa (United States Forest Service on Federal Lands) (Pederal na Permiso sa NPS, Federal NPS Permit). Ang Lupon sa Tubig ng Central Valley ang Punong Ahensya para sa proyektong ito.

Bahagi ng pulong para sa paghahanda ang pagpapakilala sa mga panukalang konsepto ng Pederal na Permiso sa NPS at ang panahon ng pagkokomento. Magkakaroon ang mga ahensya at ang publiko ng pagkakataong magbigay ng mga pasalitang komento sa pulong sa paghahanda para sa CEQA at/o sa pamamagitan ng mga nakasulat na komento kahit kailan sa loob ng 45 araw na panahon ng paghahanda. Matatagpuan ang impormasyon tungkol sa pulong sa paghahanda sa [Website ng Lupon sa Tubig ng](#)

KARL E. LONGLEY ScD, P.E., CHAIR | PATRICK PULUPA, ESQ., EXECUTIVE OFFICER

[Central Valley \(Central Valley Water Board\) sa:](https://www.waterboards.ca.gov/central_valley_water_issues/programs/nps/federal_lands/)  
[https://www.waterboards.ca.gov/central\\_valley\\_water\\_issues/programs/nps/federal\\_lands/](https://www.waterboards.ca.gov/central_valley_water_issues/programs/nps/federal_lands/).

Virtual na isasagawa ang pulong sa paghahanda, sa pamamagitan ng online video at audio broadcast software, sa:

**Martes Abril 13, 2021, 10:00 AM hanggang 11:30 AM**

**Website ng Pulong:**

<https://waterboards.zoom.us/j/94312508221>

**ID ng Pulong: 943 1250 8221**

**Numero ng Call-in:**

**+1 669 900 9128 US (San Jose)**

**ID ng Pulong: 943 1250 8221**

Direktang makapagbibigay ang mga ahensya at ang publiko ng mga pasalitang komento sa pamamagitan ng online platform o sa pagtawag sa numerong nakalista sa itaas.

Ilalabas ang naka-record na video at audio broadcast ng pulong sa paghahanda sa [Website ng Lupon sa Tubig ng Central Valley](https://www.waterboards.ca.gov/central_valley_water_issues/programs/nps/federal_lands/) limang araw ng negosyo pagkatapos ng pulong sa paghahanda:  
[https://www.waterboards.ca.gov/central\\_valley\\_water\\_issues/programs/nps/federal\\_lands/](https://www.waterboards.ca.gov/central_valley_water_issues/programs/nps/federal_lands/)

## **MGA SERBISYO SA ACCESIBILTY AT PAGSASALIN**

Hinihiling sa mga indibidwal na nangangailangan ng mga espesyal na tulong, kabilang ang mga serbisyo sa pagsasalín ng wika, na tumawag sa (916) 322-4265 **hanggang Marso 29, 2021**. Maaaring makipag-ugnayan ang mga user ng Telecommunications Device for the Deaf (TDD) ang California Relay Service sa (800) 735-2929 o sa voice line sa (800) 735-2922.

## **ABISO SA PAGHAHANDA**

PARA SA: State Clearinghouse, P.O. Box 3044, Sacramento, CA 95812-3044

MULA SA PUNONG AHENSYA: Central Valley Regional Water Quality Control Board  
364 Knollcrest Drive #205  
Redding, CA 96002

PAKSA: ABISO SA PAGHAHANDA NG PANREHIYONG LUPON NG KONTROL SA KALIDAD NG TUBIG NG CENTRAL VALLEY NG ULAT SA PANGKALIKASANG EPEKTO PARA SA MGA PANUKALANG

KINAKAILANGAN SA PAGTATAPON NG DUMI PARA SA MGA DISCHARGE NA MARAMI ANG PINAGMULAN NA NAUUGNAY SA MGA PARTIKULAR NA AKTIBIDAD NA ISINAGAWA NG KAWANIHAN NG PAMAMAHALA SA LUPA AT SERBISYO SA KAGUBATAN PARA SA MGA PEDERAL NA LUPA NG UNITED STATES

## **PANIMULA**

Ipinapanukala ng Lupon sa Tubig ng Central Valley na ayusin ang Pederal na Permiso sa NPS upang makontrol ang mga totoo at bantang pagtatapon ng NPS ng duming mula sa mga partikular na aktibidad ng pamamahala sa lupa na isinasagawa ng Kawanihan ng Pamamahala sa Lupa (Bureau of Land Management, BLM) at ng Serbisyo sa Kagubatan ng United States (United States Forest Service, USFS) sa mga pederal na lupa. Alinsunod sa CEQA, ang Lupon sa Tubig ng Central Valley ang magiging Punong Ahensya at ang maghahanda ng EIR para sa panukalang Pederal na Permiso sa NPS. Binabago ng Lupon sa Tubig ng Central Valley ang EIR alinsunod sa Lupon sa Tubig ng Lahontan, na maghahanda rin ng EIR para sa paggamit ng parehong Mga Kinakailangan sa Pagtatapon ng Dumit.

## **PAGLALARAWAN SA PROYEKTO**

Kasama sa Pederal na Permiso sa NPS ang panukalang pagpapaganda sa Mga Kinakailangan sa Pagtatapon ng Dumit (Waste Discharge Requirements, WDR) para sa mga dumit at bantang dumit ng polusyong NPS mula sa mga partikular na aktibidad na isinasagawa sa mga pederal na lupa ng BLM at USFS. Layunin ng panukalang Pederal na Permiso sa NPS na tiyakin ang pagpapanatili, proteksyon, at pagpapanumbalik sa kalidad at mga benepisyal na gamit ng tubig sa mga lupang pinamamahalaan ng pederal na pamahalaan at upang magpatupad ng pagsunod ng pederal na ahensya sa mga kinakailangan sa kalidad ng tubig. Isasaalang-alang ng Lupon sa Tubig ng Central Valley ang pagsasama sa Seksyon 401 Sertipikasyon sa Kalidad ng Tubig ng Batas sa Malinis na Tubig (Clean Water Act) kasabay ng Mga Kinakailangan sa Pagtatapon ng Dumit upang makapagbigay ng komprehensibong saklaw ng Lupon sa Tubig sa mga aktibidad na ipinanutalang kontrolin sa ilalim ng Pederal na Permiso sa NPS.

Ipinapanukala ng Pederal na Permiso sa NPS na atasan ang BLM at USFS na magpatupad ng gabay ng pederal na ahensya at Mga Mabubuting Gawi sa Pamamahala; tumukoy at bigyang-prioridad ang paglilinis sa site ng pagtatapon ng latak; sumunod sa mga pangkalahatan at partikular sa kategoriyang kundisyon ng permison; at sumunod sa framework ng performance ng kalidad ng tubig. Ipinapanukala ng Pederal na Permiso sa NPS na kontrolin ang mga pagtatapon mula sa mga partikular na aktibidad na isinasagawa, o sa ngalan, ng USFS at BLM at hindi nito ipinapanukalang kontrolin ang mga pagtatapon mula sa mga aktibidad na isinasagawa ng mga third party sa lupa ng USFS o BLM sa pamamagitan ng mga espesyal na pahintulot sa paggamit, o iba pang katulad na kasunduan.

Hindi papalitan ng Pederal na Permiso sa NPS at ng pangkalikasang pagsusuring isinagawa alinsunod sa CEQA ang mga umiiral na pederal na kinakailangan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, Pambansang Batas sa Pangkalikasang Patakaran (National Environmental Policy Act) o Pambansang Batas sa Preserbasyon ng Kasaysayan (National Historic Preservation Act).

Limang uri ng aktibidad sa pamamahala ng lupa ang ipinapanukalang kontrolin sa ilalim ng Pederal na Permiso sa NPS. Kabilang sa Potensyal na polusyong NPS na nauugnay sa limang uri ng pamamahala ang pagtatapon ng latak, mga nutrisyon, bacteria, at kemikal sa mga daanan ng tubig. Sumusunod ang paglalarawan sa mga aktibidad ng pamamahala sa lupa na ipinapanukang kontrolin sa ilalim ng Pederal na Permiso sa NPS:

1. **Pamamahala sa Mga Pananim:** Pinamamahalaan ng BLM at USFS ang mga pananim sa mga pederal na lupa upang mapaganda ang lagay ng kagubatan, mabawasan ang fuel loading, at upang komersyal na mag-ani ng kahoy. Ipinapanukala ng Pederal na Permiso sa NPS na kontrolin ang mga potensyal na pagtatapon ng dumi mula sa mga naturang aktibidad sa pamamahala. Maaaring kabilang sa mga aktibidad na ito ang pagpapatakbo ng equipment sa lupa at ang paggamit ng mga daan, skid trail, landing, at cable yarding corridor. Ipinapanukala rin ng Pederal na Permiso sa NPS na kontrolin ang mga partikular na paggamit ng mga pesticide na ginagamit upang mabawasan o upang kontrolin ang ibang pananim, nakakasira at kumakalat na halaman, o iba pang peste.
2. **Pamamahala sa Transportasyon:** Pinamamahalaan ng BLM at USFS ang mga network ng malawakang daan at trail na nagagamit sa maraming paraan sa buong pederal na lupa. Ipinapanukala ng Pederal na Permiso sa NPS na kontrolin ang mga potensyal na pagtatapon ng dumi, pangunahin ang mga latak, mula sa mga naturang aktibidad sa pamamahala sa transportasyon. Maaaring kabilang sa mga aktibidad ang paggawa ng daan, pagpapanatili, muling paggawa, at decommissioning.
3. **Pamamahala sa Mga Pasilidad para sa Recreation:** Namamahala ang BLM at USFS ng diverse na sistema ng mga pasilidad para sa recreation para sa iba't ibang grupo ng user sa buong pederal na lupa. Ipinapanukala ng Pederal na Permiso sa NPS na kontrolin ang mga potensyal na pagtatapon ng dumi mula sa mga partikular na aktibidad sa pamamahala sa mga pasilidad para sa recreation. Maaaring kabilang sa mga aktibidad na ito ang pagpapagawa, pagpapanatili, muling pagpapagawa, at decommissioning ng campgrounds, trail head at staging area, high use recreation site, at lokasyon ng mga event para sa recreation.
4. **Pamamahala at Pagbawi mula sa Sunog:** Nagsasagawa ang BLM at USFS ng iba't ibang pagkilos sa pamamahala sa lupa upang matugunan ang mga aktibo at kontroladong sunog. Ipinapanukala ng Pederal na Permiso sa NPS na kontrolin

ang mga potensyal na pagtatapon ng dumi mula sa mga partikular na aktibidad sa pamamahala pagkatapos ng sunog na isinasagawa bilang bahagi ng pagpigil sa sunog, pag-aayos, emergency na pagbawi pagkatapos ng sunog, at pangmatagalang pagbawi pagkatapos ng sunog. Maaaring kabilang sa mga aktibidad na ito ang pagkontrol sa pagguho ng lupa, pagsasalba sa kahoy, pag-aalis ng mapanganib na puno, muling pagtanim, at paggamit ng pesticide.

5. **Mga Aktibidad sa Restorasyon:** Nagpapatupad ang BLM at USFS ng mga proyekto upang mapaganda ang habitat, maiwasan ang degradation, at mabawasan ang pangmatagalang pagguho ng lupa at paglalatak. Ipinapanukala ng Pederal na Permiso sa NPS na kontrolin ang mga potensyal na pagtatapon ng dumi, pangunahin ang mga latak at materyal na mula sa lupa, mula sa mga partikular na aktibidad sa restorasyon. Maaaring kabilang sa mga aktibidad sa restorasyon ang pagpapaganda ng mga daan sa ibabaw ng tubig, pagpapatatag sa mga daanan ng tubig, pagpapaganda sa daluyan ng tubig at habitat sa kapatagan, at pagpapanumbalik sa parang.

Binubuo ng Lupon sa Tubig ng Central Valley ang ipinapanukalang Pederal na Permiso sa NPS sa pakikipagtulungan sa Lupon sa Tubig ng Lahontan nang may layuning gumamit ng magkapareho ngunit magkahiwalay na permiso para sa bawat rehiyon ng Lupon sa Tubig. Nilalayon ang pagtutulongan na i-maximize ang consistency at mapadali ang pagpapatupad sa mga boundary ng panrehiyong Lupon sa Tubig.

## **LOKASYON NG PROYEKTO**

Makikita sa Figure 1 ang lugar ng proyekto bilang mga lugar ng pamamahala sa pederal na lupa sa loob ng Boundary ng Panrehiyong Lupon sa Tubig ng Central Valley. Kabilang sa mga lupang pinamamahalaan ng USFS at BLM sa rehiyon ng Lupon sa Tubig ng Central Valley ang mga bahagi ng county ng Modoc, Siskiyou, Shasta, Lassen, Tehama, Plumas, Glenn, Butte, Sierra, Colusa, Sutter, Yuba, Nevada, Placer, El Dorado, Yolo, Solano, Sacramento, Amador, Calaveras, Contra Costa, San Joaquin, Alameda, Stanislaus, Tuolumne, Mariposa, Merced, Madera, Fresno, San Benito, Kings, Tulare, San Luis Obispo, at Kern counties.

Kabilang sa mga pinamamahalaang lupa ng USFS National Forests sa Lupon sa Tubig ng Central Valley ang Modoc, Shasta-Trinity, Lassen, Plumas, Mendocino, Tahoe, El Dorado, Inyo, Stanislaus, Sierra, Sequoia, at Los Padres.

Kabilang sa mga pinamamahalaang lupa ng BLM Field Office sa Lupon sa Tubig ng Central Valley ang Applegate, Eagle Lake, Redding, Central Coast, Mother Lode, Bakersfield, Ukiah, at Ridgecrest.

## **MGA POTENSYAL NA EPEKTO SA KALIKASAN**

Susuriin ng EIR ang mga sumusunod na epekto sa kalikasan ng ipinapanukalang Pederal na Permiso sa NPS:

- Aesthetics
- Agrikultura / Mga Pangkagubatang Resource
- Kalidad ng Hangin
- Mga Biological na Resource
- Mga Kultural na Resource
- Energy
- Geology/Mga Lupa
- Mga Greenhouse Gas Emission
- Mga Panganib at Mapanganib na Materyal
- Hydrology/Kalidad ng Tubig
- Paggamit / Pagpaplano sa Lupa
- Mga resource ng mineral
- Ingay
- Populasyon / Pabahay
- Mga Pamublikong Serbisyo
- Recreation
- Transportasyon
- Mga Kultural na Resource ng Tribo
- Mga System ng Utility / Serbisyo
- Wildfire

## MGA ALTERNATIBO SA PROYEKTO

Bubuo at susuriin sa EIR ang isang makatwirang hanay ng mga potensyal na maisasagwang alternatibo sa proyekto, bilang karagdagan sa walang alternatibong proyekto. Isasaalang-alang ng Lupon sa Tubig ng Central Valley ang mga komento ng mga responsable at trustee na ahensya at ng publiko na ibinigay noong panahon ng paghahanda sa pagbuo ng mga alternatibo sa proyekto.

## PANAON NG KOMENTO

Tatanggap ang Lupon sa Tubig ng Central Valley tungkol sa panukalang content at saklaw ng EIR. Ipapalaganap ang NOP na ito sa loob ng 45 araw ng panahon ng pagsusuri simula **Marso 8, 2021 at magwawakas sa Abril 22, 2021**. Maaaring ibigay ang mga komento sa panahon ng online na pulong sa paghahanda o direkta sa Lupon sa Tubig ng Central Valley *bago pumatak ang 12:00 p.m. sa Abril 22, 2021*.

Maaaring elektronikong isumite ang mga nakasulat na komento sa inbox ng Federal Nonpoint Source Project sa [WB-RB5R-Fed.NPS.permit@waterboards.ca.gov](mailto:WB-RB5R-Fed.NPS.permit@waterboards.ca.gov).

Pakilagay ang “Comment letter – Proposed Federal NPS Permit” sa paksa ng mga komento elektronikong ipinadala.

Dapat ipadala ang mga nakasulat na komentong ipinadala sa pamamagitan ng mail a:

Central Valley Regional Water Quality Control Board  
Attention: Angela Wilson  
364 Knollcrest Drive #205  
Redding, CA 96002

Ang lahat ng komento ay magiging bahagi ng opisyal na administratibong tala at maaaring suriin ng publiko.

## **MGA ABISO SA HINAHARAP**

Aabisuhan ang publiko tungkol sa anumang pagbabago sa petsa o oras ng pulong para sa paghahanda sa website ng Lupon sa Tubig ng Central Valley at sa pamamagitan ng listahan ng email ng Lyris. Dapat mag-sign up sa listahan ng email ng Lyris ang sinumang nagnanais na makatanggap ng mga abiso sa hinaharap na nauugnay sa panukalang Pederal na Permiso sa NPS. Pakitandaang magbibigay ng abiso sa hinaharap ang Lupon sa Tubig ng Central Valley sa pamamagitan ng listahan ng email ng Lyris at sa website na gamit din ng Lupon sa Tubig ng Lahontan.


Para mag-sign up para sa listahan ng email ng Lyris ng Pederal na Permiso sa NPS, buksan ang Form ng subscription sa email sa web address na nakalista sa ibaba, lagyan ng check ang box para sa “Federal NPS Activities – Central Valley Water Board.”

[https://www.waterboards.ca.gov/resources/email\\_subscriptions/reg5\\_subscribe.html](https://www.waterboards.ca.gov/resources/email_subscriptions/reg5_subscribe.html)

## **IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN**

Pakidirekta ang mga tanong tungkol sa Pederal na Permiso sa NPS o sa abisong ito [Anglea.wilson@waterboards.ca.gov](mailto:Anglea.wilson@waterboards.ca.gov)





**Figure 1. Mga Lupang Pinamamahalaan ng Serbisyo sa Kagubatan ng United States at Kawanihan ng Pamamahala sa Lupa sa loob ng Boundary ng Lupon ng Kontrol sa Kalidad ng Tubig ng Central Valley**